

# PAGSUGPO SA PAGKALASON MULA SA KARBON MONOKSIDO MATAPOS ANG ISANG EMERHENSIYA

Ang karbon monoksido [carbon monoxide (CO)] ay isang walang kulay, walang amoy na gas na maaaring magsanhi ng agarang pagkasakit at kamatayan kapag nalanghap.

Kapag nawawalan ng kuryente sa panahon ng mga emerhensiya, gaya ng malakas na unos o bagyo sa taglamig, ang paggamit ng alternatibong pagkukunan ng panggatong o elektrisidad para sa pagpapainit, pagpapalamig o pagluluto ay maaaring magsanhi sa pagtipon ng CO sa bahay, garahe o kamper at makalason sa mga tao o hayop sa loob.

Bawat taon, mahigit 400 katao ang namamatay sa Estados Unidos mula sa aksidenteng pagkalason mula sa CO. Ang CO ay matatagpuan sa madaling masunog na aso, gaya ng yaong nanggagaling sa maliliit na makinang pinapatakbo ng gasolina, mga lutuan, mga diyeneretor, mga parol at mga kalang de-pugon o sa pamamagitan ng pagsunog ng uling at panggatong. Ang CO mula sa ganitong mga pinanggagalingan ay maaaring magtipon sa kulob o bahagyang kulob na mga espasyo. Ang mga tao at hayop sa ganitong mga espasyo ay maaaring malason at mamatay mula sa paglanghap ng CO.

## PAANO MALALAMAN ANG PAGKALASON SA CO


Ang pagkalantad sa CO ay magsasanhi ng kawalan ng malay at kamatayan. Ang pinakamadalas na mga sintomas ng pagkalason sa CO pananakit ng ulo, pagkaliyo, panghihina, pagkahilo, pagsusuka, pananakit ng dibdib at pagkalito. Ang mga taong natutulog o uminom ng alak ay maaaring mamatay sa pagkalason sa CO bago pa man magkaroon ng mga sintomas.


## MAHAHALAGANG TIP UPANG MAIWASAN ANG PAGKALASON SA CO

- Huwag kailanman gumamit ng kalang de-pugon o pugon upang magpainit ng bahay
- Huwag kailanman iwanang umaandar ang sasakyan na nakaparada sa isang kulob o bahagyang kulob na espasyo, gaya ng garahe
- Huwag kailanman paandarin ang isang sasakyan, diyeneretor, panghugas na de-presyur o anumang motor na pinapatakbo ng gasolina sa labas ng nakabukas na bintana, pintuan o bitas kung saan maaaring bumuga ang pasingawan sa isang kulob na lugar
- Huwag kailanman magpaandar ng diyeneretor, panghugas na de-presyur o anumang motor na pinapatakbo ng gasolina sa loob ng silong, garahe o ibang kulob na istruktura, kahit na bukas ang mga pintuan o mga bintana, maliban na lamang kung ang kagamitan ay ikinabit at binitas ng isang propesyunal. Panatilihin walang basura ang mga pasingawan at mga tubo, lalung-lalo na kung mataas ang hangin. Ang lumilipad na basura ay maaaring humadlang sa mga linya ng pagpasok ng sariwang hangin
- Huwag kailanman gumamit ng ihawang de-uling, hibachi, parol o bitbiting kalan pangbakasyon sa loob ng bahay, tolda o kamper
- Kung ang mga kondisyon ay masyadong mainit o masyadong malamig, sumilong sa mga kaibigan o sa silungang pangkomunidad
- Kung hinihinalang nalason sa CO, agad na kumunsulta sa isang propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan




# KARAGDAGANG IMPORMASYON

 [preparedness.health.maryland.gov](http://preparedness.health.maryland.gov)

 [facebook.com/MarylandOPR](https://facebook.com/MarylandOPR)

 [twitter.com/MarylandOPR](https://twitter.com/MarylandOPR)

 [health.maryland.gov](http://health.maryland.gov)

 [facebook.com/MarylandDHMH](https://facebook.com/MarylandDHMH)

 [twitter.com/MDHealthDept](https://twitter.com/MDHealthDept)

*Ang impormasyon ay hinango mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC), [www.emergency.cdc.gov/disasters/cofacts.asp](http://www.emergency.cdc.gov/disasters/cofacts.asp). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.emergency.cdc.gov/disasters/carbonmonoxide.asp](http://www.emergency.cdc.gov/disasters/carbonmonoxide.asp).*



MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH  
Office of Preparedness  
and Response